# Postpartum Check-Up
## Postpartum



### Ano ang postpartum check-up?
Ang postpartum check-up ay pagpapatingin sa provider mo pagkatapos manganak tatlo hanggang pitong linggo pagkatapos mong manganak.

**Tandaan:** Kung nanganak ka sa pamamagitan ng Cesarean (C-section), titingnan ng iyong provider ang iyong hiwa isa hanggang dalawang linggo pagkatapos mong manganak. Hindi ito ang iyong postpartum check-up.

### Bakit kailangan mo ng postpartum check-up?
Pinahihintulutan ng pagpapatingin na ito na matingnan ng iyong provider ang iyong pisikal at pangkaisipang kalusugan pagkatapos mong manganak. Ang ilan sa mga bagong ina ay nagiging masyadong abala sa kanilang bagong sanggol at nakakalimutan nila o hindi sila pumupunta sa kanilang pagpapatingin pagkatapos manganak. Pero ang pagpapatingin na ito ay napakahalaga lalo na para sa IYO!

### Ano ang dapat mong asahan sa iyong postpartum check-up?
- Sisiguruhin ng provider mo na gumagaling ang iyong katawan.
- Kukumustahin ng provider mo ang iyong pagpapasuso.
- Kakausapin ka ng iyong provider tungkol sa birth control at mga opsyon sa pagpaplano ng pamilya at kung kailan ka pwedeng makipagtalik ulit.
- Titingnan ng iyong provider ang mga palatandaan ng postpartum depression.
- Sasagutin ng iyong provider ang anumang tanong na maaaring mayroon ka.



**Ang pagpapa-iskedyul ng mga appointment sa provider** pagkatapos mong manganak ay tutulungan kang manatiling malusog.

Sisiguruhin ng provider mo na nakukuha mo ang pangangalagang nararapat sa iyo.

Mahalaga ito dahil ang pangangalaga sa IYO ay tumutulong na masigurong makukuha mo ang pinakamagandang pangangalaga ng bago mong sanggol!

### Mayroon ka bang mga tanong?
Tumawag sa aming 24-oras na Nurse Advice Line. Nandito kami para tulungan ka

| | |
|---|---|
| Ingles: | **(888) 275-8750** |
| Español: | **(866) 648-3537** |
| TTY/TDD: | **711** |

Ipinamamahagi ng Molina Healthcare. Ang lahat ng materyal sa brosyur na ito ay para sa impormasyon lamang. Ito ay hindi kapalit ng payo ng iyong provider.

Para makuha ang impormasyong ito sa iba pang mga wika at madaling ma-access na mga format, pakitawagan ang mga Serbisyo para sa Miyembro.
Ang numerong ito ay nasa likod ng iyong ID card ng Miyembro.



MOLINA® HEALTHCARE